

**Mga Obligasyon at Karapatan ng mga Amo at Dayuhang Kasambahay sa
ilalim ng
Ordenansa ng Trabaho at Pamantayang Kontrata ng Pagtatrabaho at iba
pang impormasyon
na may kaugnayan sa Coronavirus Disease ("COVID-19")**

Q1: Ano ang kasalukuyang patakaran sa pagkontrol ng mga papasok na dayuhang kasambahay (FDH) na nagpapalano pumunta sa Hong Kong upang magsimula ng isang bagong kontrata o ipagpatuloy ang kasalukuyang kontrata pagkatapos ng bakasyon sa kanyang pinagmulan lugar? Ano ang dapat niyang ihanda para sa kanyang pag-alis sa Hong Kong? Ano ang mga isyu na dapat bigyang pansin ng kanyang amo at ahensya ng empleyo (EA) (kung naaangkop)?

A1: Ang FDH na may wastong dokumento sa paglalakbay at wastong bisa sa pagtatrabaho ay maaaring pumasok/muling pumasok sa Hong Kong kung sumasangayon sa pangkalahatang regulasyon sa imigrasyon. Dahil sa paglago ng epidemya, ang Gobyerno ay paminsan-minsan ay mag-aanunsyo ng paghihigpit para sa mga manlalakbay na dadating ng Hong Kong. Para sa pinakabagong impormasyon, mangyaring sumangguni sa Thematic Webpage sa Health Quarantine arrangement para sa mga papasok na manlalakbay (www.coronavirus.gov.hk/eng/inbound-travel.html).

Ang mga FDHs na darating para magtrabaho sa Hong Kong simula sa ika-26 ng Setyembre ay mapapasailalim sa binago na patakaran sa pagkontrol ng mga papasok na manlalakbay galing sa ibang bansa sakop ng modelong 0+3, halimbawa sila ay hindi na mapapasailalim sa kuwarantina sa hotel pagdating ng Hong Kong at kailangan lamang mapasailalim sa tatlong araw na medikal na pagmamatyag, at karagdagang apat na araw na pagsubaybay sa sariling kalusugan. Sila ay kailangan magkaroon ng ilang pagsusuri habang nasa medikal na pagmamatyag at karagdagang apat na araw na pagsubaybay sa sariling kalusugan. Habang nasa panahon ng medikal na pagmamatyag, ang FDHs ay maaaring magtrabaho sa bahay ng kanilang amo at lumabas ng bahay at pwedeng gawing ang pang araw-araw na pangangailangan na lower risk kagaya ng pagsakay sa pang-publikong transportasyon, pagpasok sa supermarket at palengke at iba pa. Sila ay, gayunpaman, sakop ng Vaccine Pass na may dilaw na QR code, at bawal sila pumasok sa lugar na high-risk kung saan ay walang suot na mask o may mga grupong pagsasalo, at mga establecimiento na nangangaylangan ng proteksyon

Sa pag sangalang-alang sa kondisyon ng ibang pamilya, ang kalihim ng Kagawaran ng Paggawa ay inaproba na pwedeng patirahin ng mga Amo ang kanilang kasambahay sa lisensyadong hotel at guesthouse para tapusin ang tatlong araw na medikal na pagmamatyag at apat na araw na pagsubaybay sa sariling kalusugan. Hindi na kailangan mag-apply sa LD. Kung ang mga amo

ay gustong patirahing ang FHDs sa isang lisensyadong hotel at guesthouse habang nasa medikal na pagmamatyag at pagsubaybay sa sariling kalusugan, dapat nilang bayaran ang gastos sa tirahan at magbigay ng alawans sa pagkain sa dayuhang kasambahay habang nasa panahon na iyon. Kung ang FDH ay hindi makapagtrabaho sa bahay ng kanyang amo dahil sa pagkakaayos ng amo na hindi gawing ang medikal na pagmamatyag at pagsubaybay sa sariling kalusugan sa isang lugar maliban sa bahay ng kanyang amo, ang amo ay dapat bayaran ang FDH ng isang kabuuan na katumbas ng kabayaran na dapat matanggap ng FDH kung siya ay nagtrabaho sa panahon na iyon. Ang listahan ng mga lisensyadong hotel at guesthouse ay mahahanap sa www.hadla.gov.hk/en/licensing_matters/hotels/overview.php.

Mga kinakailangan bago makasakay ng eroplano papunta ng Hong Kong

Simula sa ika-26 ng Setyembre, ang mga FDHs na dadating para magtrabaho sa Hong Kong ay kailangan lamang magpakita ng patunay ng negatibong resulta ng rapid antigen test (RAT) na isinasagawa sa loob ng 24 oras bago ang nakatakdang oras ng pag-alis. Ang anumang patunay ng negatibong resulta ng nucleic acid test bago umalis ay hinda na kailangan.

Ang mga FDHs ay kinakailangan pa din ikumpleto ang online na deklarasyon sa Kalusugan at Impormasyon ng Kuwarantina sa Kagawaran ng Kalusugan (www.chp.gov.hk/hdf) nang maaga, kasama ang pagpahayag ng talaan ng pagkumpleto ng pagbabakuna at resulta ng RAT bago ang pag-alis. Ang FDH ay kinakailangan ipakita ang QR code na berde na deklarasyon ng kalusugan na nabuo sa pagkakumpleto ng deklarasyon (na maaaring ma-download na bersyon ng QR code, isang screen shot o kopya) sa pag-check-in para sa pagpapatunay ng airlines bago sumakay ng eroplano. Ang QR code na deklarasyon ng kalusugan ay may bisa sa loob ng 96 na oras, halimbawa Ang mga FDHs ay pwedeng isumite ang porm ng deklarasyon na kasing aga ng tatlong araw bago ang kanilang nakatakdang pagdating na oras sa Hong Kong (halimbawa, ang FDH na dadating ng Hong Kong sa Lunes ay pwedeng isumite ang porm ng deklarasyon simula sa Biyernes). Makakatipid sila ng oras sa pamamagitan ng karagdagang pag-update ng deklarasyon pagkatapos ng negatibong resulta ng RAT.

Para sa mga detalye ng patakaran sa itaas, mangyaring sumangguni sa pahayag ng Gobyerno noong ika-24 ng Setyembre (www.info.gov.hk/gia/general/202209/24/P2022092400048.htm).

Ang mga amo at ahensya ng empleyo ay dapat paalalahanan ang mga FDHs na ikumpleto ang online na deklarasyon sa Kalusugan at Impormasyon ng Kuwarantina sa Kagawaran ng Kalusugan nang maaga, pagpahayag ng talaan ng pagkumpleto ng pagbabakuna at resulta ng RAT bago ang pag-alis para makakuha ng QR code na berde na deklarasyon ng kalusugan (na maaaring ma-download na bersyon ng QR code, isang screen shot o kopya) sa pag-check-in para sa pagpapatunay ng airlines bago sumakay ng eroplano.

Q2: Kung ang isang amo ay nag-aayos ng kanyang FDH upang sumailalim sa medikal na pagmamatyag at pagsubaybay sa sariling kalusugan sa lisensyadong hotel/guesthouse, kailangan bang humingi ng pahintulot ang amo sa Komisyoner para sa paggawa?

A2: Ayon sa sugnay 3 ng Pamantayang Kontrata ng Pagtatrabaho (SEC), ang mga FDHs na nagtatrabaho sa Hong Kong ay dapat magtrabaho at manirahan sa tirahan ng amo na tinukoy sa SEC sa panahon ng kanilang pagtatrabaho. Dahil sa mga kondisyon ng mga indibidwal na pamilya, ang komisyoner para sa Kagawaran ng Paggawa ay nagbigay ng pag-apruba para sa mga amo upang payagan ang mga FDHs na tumira sa mga lisensyadong hotel o guesthouse upang makumpleto ang tatlong na araw na medikal na pagmamatyag at kasunod na apat na araw na pagsubaybay sa sariling kalusugan. Hindi kinakailangan na gumawa ng isang aplikasyon sa LD. Kung ang mga amo ay gustong patirahing ang FDHs sa isang lisensyadong hotel at guesthouse habang nasa medikal na pagmamatyag at pagsubaybay sa sariling kalusugan, dapat nilang bayaran ang gastos sa tirahan at magbigay ng alawans sa pagkain sa dayuhang kasambahay habang nasa panahon na iyon.

Ang listahan ng mga lisensyadong hotel o guesthouse ay maaaring makuha sa pamamagitan ng www.hadla.gov.hk/en/licensing_matters/hotels/overview.php.

Q3: Maaari bang patirahin ng isang amo ang kanyang FDH upang sumailalim sa 3-araw na medikal na pagmamatyag at 4-araw na pagsubaybay sa sariling kalusugan sa isang FDH boarding house?

A3: Ang Komisyoner para sa Kagawaran ng Paggawa ay nagbigay ng pahintulot para sa mga FDHs upang makumpleto ang 4-araw na pagsubaybay sa sariling kalusugan sa mga lisensyadong hotel o guesthouse. Samakatuwid, hindi maaaring patirahin ng amo ang kanyang FDHs sa ibang lugar maliban sa tirahan ng amo at ang nabanggit na mga lisensyadong hotel o guesthouse (Halimbawa FDH boarding house o tirahan ng kaibigan ng FDH) para sa medikal na pagmamatyag at pagsubaybay sa sariling kalusugan.

Q4: Ano ang mga legal na kahihinatnan para sa mga taong hindi sumunod sa isang kautusan ng sapilitang pagsusuri o direksyon ng sapilitang pagsusuri?

A4: Ang mga dadating na FDHs ay napapasailalim sa **sapilitang pagsusuri sa ika-0 na araw (araw ng pagdating), ika-2 araw, ika-4 araw, ika-6 na araw, at araw-araw na RAT na pagsusuri habang nasa panahon ng medikal na pagmamatyag at pagsubaybay sa sariling kalusugan** hagamang ika-7 araw ng pagdating sa Hong Kong. Ang mga FDHs ay kailangang panatilihin ang lahat ng SMS (mensahe sa mobile na telepono) mga abiso na naglalaman ng mga resulta ng pagsusuri pati na rin ang mga larawan ng resulta ng RAT para sa inspeksyon ng mga nakatakdang opisyal.

Ang sinumang tao na nabigo sa pagsunod sa kautusan ng sapilitang pagsusuri o direksyon ng sapilitang pagsusuri ay nagkasala at ang pinakamataas na parusa kapag napatunayan ay isang multa na antas 4 (\$25,000) at pagkabilanggo ng anim na buwan. Ang nakapirming parusa para sa paglabas ng pananagutan ng pagkakasala ay \$10,000. Ang tao ay maaari ring mabigyan ng sa isang sapilitang kautusan ng pagsusuri na nangangailangan siyang sumailalim sa pagsusuri sa loob ng isang tinukoy na panahon. Ang kabiguang sumunod sa utos ay isang pagkakasala at ang nagkasala ay mananagot sa isang multa sa antas 5 (\$50,000) at pagkabilanggo sa loob ng anim na buwan.

Q5: Anong ang mga isyu na kailangang tandaan ng mga FDHs at amo habang sumasailalim ang mga FDHs sa medikal na pagmamatyag at pagsubaybay sa sariling kalusugan?

A5: Sa panahon ng medikal na pagmamatyag at pagsubaybay sa sariling kalusugan, ang mga FDHs ay kinakailangan na kumuha ng araw-araw RATs. Matapos makuha ang mga negatibong resulta ng RATs sa ika-2 araw, ika-4 na araw at ika-6 na araw pagdating sa Hong Kong, kinakailangan silang sumailalim sa mga pagsusuri sa nucleic acid sa parehong mga araw sa isang sentro ng pagsusuri sa pamayanan, o isang istasyon ng koleksyon ng ispesimen na mobile, o sa isang sariling bayarin na pagsusuri sa isang lokal na institusyong medikal na kinikilala ng Gobyerno.

Sa panahon ng medikal na pagmamatyag, ang mga FDHs ay maaaring magtrabaho sa tirahan ng kanilang mga amo at maaaring lumabas pagkatapos makakuha ng negatibong resulta ng isang RAT sa araw na iyon, ngunit sasailalim sila sa mga paghihigpit sa dilaw na QR code sa ilalim ng Vaccine Pass at hindi makapasok sa mga lugar na may mataas na peligro na kinasasangkutan ng walang suot na maskara o mga aktibidad ng grupo, pati na rin ang iba pang mga lugar na nangangailangan ng pangunahing proteksyon. Ang mga FDHs ay maaaring magsagawa ng pang-araw-araw na mahahalagang aktibidad ng mas mababang peligro, halimbawa pagsakay ng pang-publikong transportasyon, pagpasok sa mga supermarket at palengke, at iba pa. Pagkatapos matanggap ang sunod-sunod na negatibong resulta, Ang Vaccine Pass ng FDH ay mapapalitan ng bughaw na QR code sa ika-3 araw ng pagdating sa Hong Kong.

Bukod pa, ang mga FDHs ay kailangang subaybayan ang kanilang kalusugan at gumawa ng naaangkop na mga hakbang sa pag-iwas sa personal na sakit kabilang ang pagsusuot ng maskara at pagpapanatili ng kalinisan ng kamay.

Q6: Ano-ano ang mga lugar na may mataas na peligro at lugar na nangangailangan ng espesyal na proteksyon ang pinaghihigpitan sa ilalim ng dilaw na QR code sa ilalim ng Vaccine Pass?

A6: Ang mga taong nasa kategorya ng dilaw na QR code ng Vaccine Pass ay hindi pwedeng pumasok sa mga lugar na nasasailalim ng active checking at mga lugar na nabibilang sa kategoryang kostomer o bisita:

- (i) Lugar na kasama sa Pagpipigil at Pagkontrol ng Sakit (Pangangailangan at Direksyon) (Negosyo at Lugar) Regulasyon (Cap. 599F) itong mga lugar na sakop ng active checking ng Vaccine Pass:
 - Lugar na nangangailangan gumamit ng QR Code Verification Scanner at sakop ng Cap. 599F, halimbawa lugar na nagseserb ng pagkain (kasama ang bar o pub), amusement game center, bathhouse, fitness center, game center na pambata, establecimiento na may sumasayaw at kumakanta na nasa loob ng gusali, party room, establecimiento na may serbisyong pagmamasaha, club house, club o nightclub, establecimiento na may karaoke, establecimiento na may madjong o sugalan, sport center na nasa loob ng gusali, swimming pool, cruise ship, mga pagtipon-tipon na nasa loob ng gusali, gupitan o beauty parlor at simbahan.
 - Mga establecimiento na kailangang suriin ang Vaccine Pass kung maaari, halimbawa sayawan at kantahan na nasa labas ng gusali, lugar na para sa isports na nasa labas ng gusali at mga pagtipon-tipon na nasa labas ng gusali.
- (ii) Iba pang mga establecimiento: tirahan para sa mga matatanda, tirahan para sa mga taong may kapansanan, paaralan at lugar na itinalagang lugar na healthcare.

Para sa mga karaniwang katanugan sa “Vaccine Pass (Pula na QR code at Dilaw na QR code)”, mangyaring sumanguni sa link:
www.coronavirus.gov.hk/pdf/FAQ_Red_and_Amber_Code.pdf.

Q7: Maaari bang tanggihan ng isang amo ang kanyang FDH na may hawak na isang Dilaw na QR code na magtrabaho?

A7: Ang mga FDHs na dadating para magtrabaho sa Hong Kong simula sa ika-26 ng Setyembre ay hindi na mapapasailalim sa kuwarantina sa hotel pagdating ng Hong Kong at kailangan lamang mapapasailalim sa tatlong araw na medikal na pagmamatyag, at karagdagang apat na araw na pagsubaybay sa sariling kalusugan. Ang mga FDHs ay maaaring magtrabaho sa bahay ng kanilang amo habang sila ay nasa panahon ng medikal na pagmamatyag at lumabas ng bahay at pwedeng gawing ang pang araw-araw na pangangailangan na lower risk kagaya ng pagsakay sa pang-publikong transportasyon, pagpasok sa supermarket at palengke at iba pa. Sila ay, gayunpaman, sakop ng Vaccine Pass na may dilaw na QR code, at bawal sila pumasok sa lugar na high-risk kung saan ay walang suot na mask o may mga grupong pagsasalo, at mga establecimiento na nangangaylangan ng proteksyon.

Sa pag sangalang-alang sa kondisyon ng ibang pamilya, ang kalihim ng Kagawaran ng Paggawa ay inaproba na pwedeng patirahin ng mga Amo ang kanilang kasambahay sa lisensyadong hotel at guesthouse para tapusin ang tatlong araw na medikal na pagmamatyag at apat na araw na pagsubaybay sa sariling kalusugan. Kung ang mga amo ay gustong patirahing ang FHDs sa isang lisensyadong hotel at guesthouse habang nasa medikal na pagmamatyag at

pagsubaybay sa sariling kalusugan, dapat nilang bayaran ang gastos sa tirahan at magbigay ng alawans sa pagkain sa mga FDHs habang nasa panahon na iyon. Kung ang FDH ay hindi makapagtrabaho sa bahay ng kanyang amo dahil sa pagkakaayos ng amo na hindi gawing ang medikal na pagmamatyag at pagsubaybay sa sariling kalusugan sa isang lugar maliban sa bahay ng kanyang amo, ang amo ay dapat bayaran ang FDH ng isang kabuuan na katumbas ng kabayaran na dapat matanggap ng FDH kung siya ay nagtrabaho sa panahon na iyon. Ang mga amo ay hindi dapat ibawas ang mga pistang opisyal kung saan ang isang FDH ay may karapatan sa ilalim ng Ordenansa ng Pagtatrabaho (EO), tulad ng bayad na taunang bakasyon.

Q8: Kung ang FDH ay nahawaan ng COVID-19, ano ang mga responsibilidad ng amo, Pwede bang mapaalis ang FDH?

A8: Sa paghawak ng bagay na kaugnay ng pagtatrabaho ng mga FDHs, ang mga amo ay dapat sumunod sa obligasyon at patakaran ng EO at SEC. Kapag ang EO ay nauugnay, kung nagkasakit ang FDH, ang kanyang amo ay kailangan magbigay ng bakasyon ayon sa EO at SEC. Ayon sa EO, ang FDH na nagtrabaho ng nagpapatuloy na kontrata ay may karapatan kumuha ng alawans sa pagkasakit (Ang bawat araw na kabayaran sa pagkakasakit ay katumbas ng 4/5 ng karaniwang suweldo ng kasambahay sa isang araw). Kung-

- ang bakasyon dahil sa pagkakasakit ay pinapatunayan ng wastong sertipiko ng pagpapagamot¹;
- ang bakasyon dahil sa pagkakasakit na nakuha ay hindi kukulangin sa apat na sunod-sunod na araw; at
- Ang FDH ay nakatipon ng sapat na bilang ng araw ng may bayad na pagkakasakit.

Kung ang nagkasakit na FDH ay hindi nakaipon ng sapat na bilang na araw upang masakop ang panahon na may bayad na pagkakasakit, ang LD ay umaapela sa amo na maging mahabagin at isaalang-alang na payagan ang FDH na magbakasyon.

Bukod pa, ayon sa sugnay 9(a) ng SEC, Sa pagkakataon na ang FDH ay may sakit o nagkapinsala sa loob ng panahon ng pagtatrabaho, (maliban sa panahon kung kailan ang FDH ay umalis ng Hong Kong sa kanyang sariling kagustuhan at para sa kanyang pansariling kadahilanan), hindi alintana kung ito ay lumitaw dahil sa pagtatrabaho, ang Amo ay dapat na magbigay ng libreng pagpapagamot sa FDH. Kabilang sa libreng pagpapagamot ay ang pagpapakonsulta sa doktor, pamamalagi sa ospital at ang pagpapagamot ng ngipin sa oras ng biglaang pangangailangan. Ang FDH ay dapat tanggapin ang pagpapagamot mula sa sinumang rehistradong doktor.

¹ Ang angkop na sertipikong medikal ay tumutukoy sa isang sertipikong medikal na inilabas ng isang nakarehistrong propesyonal na doktor, nakarehistrong propesyonal sa medisina ng tsina o nakarehistrong dentista. Dapat nitong tukuyin ang bilang ng mga araw kung saan, at ang likas na katangian ng sakit o pinsala kung saan, ang empleyado ay hindi karapatdapat na magtrabaho.

Ang LD ay nagpapaalala sa mga amo na huwag wakasan o itakwil ang kontrata ng pagtrabaho ng FDH na nahawaan ng COVID-19. Ayon sa EO, ang amo ay ipinagbabawal na wakasan ang kontrata ng pagtrabaho kung ang FDH ay nagkasakit, maliban lang sa mga kaso na madaling pagpa-alis na nararapat sa FDH nang dahil sa masamang asal. Kung ang amo ay sumasalungat sa nauugnay na probisyon ng EO, siya ay nagkasala sa batas at mananagot sa pag-uusig at, kapag nahatulan, mumultahan ng pinakamataas na \$100,000. Ang mga amo ay pinaalalahanan ng posibleng paglabag ng kontata sa hindi pagsunod sa kontrata ng pagtrabaho ng kanilang FDH, at posibleng paglabag sa Ordenansa ng Diskriminasyon sa mga taong may Kapansanan, kung ang FDH ay itinuring na hindi kanais-nais (halimbawa sila ay pina-alis) dahil ang FDH ay nahawaan o gumaling na sa COVID-19. Pagkagaling ng FDH sa COVID-19, ang amo ay pinapayuhan na ipagpatuloy ang pagtrabaho ng FDH at mapanatili ang magiliw na relasyon kasama ang kanilang mga FDHs.

Paalala, ayon sa Ordenansa ng Pagtrabaho (Pagbabago) 2022 na naging operasyonal noong ika-17 ng Hunyo 2022, ang bakasyon dahil sa pagkakasakit ayon sa EO ay kasama ang araw na hindi nagtrabaho ang FDH dahil kailangan niyang sumunod sa isang patakaran na naghihigpit ng paggalaw na sakop ng Ordenansa na Pagpipigil at Pagkontrol ng Sakit (Cap 599) (halimbawa, ang paghihigpit sa paggalaw dahil sa kautusan ng isolasyon, kautusan ng kuwarantina, o “kautusan sa pagsusuri”, habang ang kautusan sa paparating ng pasahero sa Hong Kong ay hindi kasama). Kung ang FDH ay nagbigay ng patunay na kinakailangan, ang amo ay dapat magbigay ng alawans sa pagkasakit ng FDH. Bukod pa, kung ang FDH ay pina-alis ng amo dahil sa pagsunod sa kautusan ng Cap 599 (kahit mababa ng apat na araw), ito ay ituturing na paglabag sa kontrata ng pagtrabaho o hindi makatwirang pagkakaiba ng mga termino ng kontrata ng pagtrabaho. Ang FDH na tumupad sa mga kinakailangan ay maaaring maghabol ng remedyo dahil sa hindi makatwiran pagpapaalis (panahon ng trabaho ay hindi bababa sa 24 na buwan) o hindi makatwirang pagkakaiba ng mga termino ng kontrata ng pagtrabaho laban sa amo². Para sa mga detalye, mayaring sumaguni sa website ng LD (Alawans para sa pagkasakit at Proteksyon ng Pagtrabaho sakop ng Pagpipigil ng Epidemya”: www.labour.gov.hk/eng/news/EAO2022.htm).

Mga kaugnay na Pahayag

ika-24 ng Pebrero 2022:

www.fdh.labour.gov.hk/tagalog/news_detail.html?fromPage=news&year=2022&n_id=236

Ika 17 ng Hunyo 2022:

www.info.gov.hk/gia/general/202206/17/P2022061700202.htm

²Ang Remedyo para sa hindi makatwiran pagpapaalis/ hindi makatwiran pagbabago sa termino ng kontrata ng pagtrabaho ay kasama ang: isang kautusan para sa muling pagbabalik o muling pakikipag-ugnayan; o isang kautusan sa pagbabayad.

Q9: Maaari bang palitan ng amo ang araw ng pahinga ng kanyang FDH o tumangging magbigay ng araw ng pahinga sa kanyang FDH?

A9: Dahil sa pandemya ng COVID—19, umaapela ang Pamahalaan sa publikong mapanatili sa lahat ng panahon ang mahigpit na kalinisang personal at pangkapaligiran, dalangan ang paglabas at umiwas sa mga sosyal na aktibidad katulad ng pagtitipon sa pagkain o ibang mga pagtitipon, at iba pa, at magpanatili ng isang wastong distansya sa ibang mga tao hangga't maaari para sa personal na proteksyon laban sa impeksyon at pag-iwas sa pagkalat ng sakit sa komunidad. Upang pangalagaan ang kalusugan ng mga FDHs, paulit-ulit na naglabas ang LD ng mga pahayag na umaapela sa mga FDHs na umiwas sa mga pagsasalo sa pagkain, pakikihati ng pagkain at iba pang mga sosyal na aktibidad sa kanilang araw ng pahinga at manatili sa bahay upang magpahinga hangga't maaari. Kung kailangang lumabas, pinapayuhan silang magsuot ng maskara at iwasang magtipon sa mga matataong lugar. Maaaring isaalang-alang ng mga FDHs ang pagtatalakay ng mga kaayusan ng araw ng pahinga sa mga amo, kasama na ang pagpapalit ng araw ng pahinga, upang maiwasan ang panganib sa kalusugan ng pagtitipon sa mga matataong lugar.

Pinapaalalahanan din ng LD ang mga amo sa pahayag na kung pinilit ng isang amo ang isang FDH na magtrabaho sa araw ng pahinga siya ay lalabag sa mga probisyon ng EO at mananagot sa pag-uusig at, kapag nahatulan, sa pinakamataas na multang \$50,000. Alinsunod sa EO, kung kakailanganin ng isang amo magtrabaho ang kanyang FDH sa araw ng pahinga, dapat niya itong palitan ng ibang araw ng pahinga sa loob ng 30 araw matapos ang orihinal na araw ng pahinga, at dapat niyang ipaalam sa FDH ang pinalitang petsa sa loob ng 48 oras ng orihinal na araw ng pahinga.

Bukod dito, maaari itong palitan ng isang amo ng ibang araw ng pahinga kung may pahintulot ng FDH. Sa kasong ito, dapat ito ay nasa parehong buwan bago ang orihinal na araw ng pahinga o sa loob ng 30 araw pagkatapos nito.

Umaapela ang LD sa mga amo na ipaliwanag ang mga espesyal na sirkumstansya kapag tinatalakay ang mga kaayusan ng araw ng pahinga sa kanilang mga FDH at humihiling ng pag-unawa sa isa't-isa habang hawak-kamay sa paglaban sa virus.

Q10: Paano tutulungan ng Pamahalaan ang mga FDH at ang mga amo na makayanan ang mga espesyal na sirkumstansyang umuusbong mula sa pandemya ng COVID-19?

A10: Noong ika-21 ng Setyembre 2022, inanunsyo ng Pamahalaan na patuloy na umiiral ang mga hakbang upang tulungan ang mga FDH at mga amo na makayanan ang pandemya ng COVID-19.

Pagpapahaba ng panahon ng bisa ng mga kasalukuyang kontrata

Para sa lahat ng mga kontrata ng FDH na mawawalan ng bisa sa o bago ang ika-31 ng Disyembre 2022, nagbigay ang Komisioner para sa Paggawa ng pahintulot para sa pagpapahaba ng panahon ng empleyo na nakasaad sa Sugnay 2 ng Pamantayang Kontrata ng Empleyo na pinakamahabang panahon na anim na buwan, kung sasang-ayunan ng parehong amo at FDH na may kinalaman sa naturang pagbabago. Ngunit hindi na isasaalang-alang ang mga aplikasyon para sa higit na pagpapahaba ng mga kontratang napahaba na noon sa ilalim ng nakaraang inanunsyong kaayusan.

Kung hindi makakagawa ng pag-aayos sa isang bagong kuhang FDH upang makadating sa Hong Kong sa loob ng pinahabang anim na buwang panahon na nakasaad sa itaas, at kailangan ng amo ipagpatuloy ang pagkuha sa kanyang FDH nang lagpas sa pinahabang anim na buwang panahon, dapat isaalang-alang ng amo ang pag-aplay para sa pagpapanibago ng kontrata sa kasalukuyang FDH.

Pagpapaliban ng pagbalik sa lugar na pinagmulan

Sa ilalim ng mga normal na sirkumstansya, ang isang FDH na may pinabagong kontrata sa parehong amo, o malapit nang magsimula ng bagong kontrata sa bagong amo matapos ang pagkawalang bisa ng kasalukuyang kontrata ay maaaring mag-aplay sa ImmD para sa pagpapaliban ng pagbalik sa lugar na pinagmulan sa loob ng hindi hihigit sa isang taon matapos magwakas ang kasalukuyang kontrata, ayon sa pagsang-ayon ng kasalukuyang amo o bagong amo.

Dahil sa pandemya ng COVID-19, higit na pinapahaba ng Pamahalaan ang kasalukuyang kaayusan. Kung hindi makakabalik ang isang FDH sa kanyang lugar na pinagmulan sa loob ng isang taong panahong nabanggit sa itaas, matapos ang pagkakasundo sa kanyang amo, maaari siyang mag-aplay sa ImmD para sa higit na pagpapahaba ang limitasyon ng pananatili hanggang sa katapusan ng kanyang kontrata upang makabalik siya sa lugar na pinagmulan sa loob ng panahong iyon. Tatanggapin ang mga naturang aplikasyon sa loob ng walong lingo bago ang paglipas ng kasalukuyang limitasyon ng pananatili ng mga FDH (halimbawa, pareho doon sa pagpapanibago ng kontrata).

Pinapaalalahanan ng Pamahalaan ang mga amo at mga FDHs na ang kaayusan sa itaas ay dapat na sang-ayunan ng parehong amo at FDH, at patuloy na umiiral ang pangangailangang makabalik ang mga FDHs sa kanilang lugar na pinagmulan. Dapat ayusin ng mga amo ang pagbalik ng kanilang mga FDH sa lugar na pinagmulan sa loob ng pinahabang limitasyon ng pananatili.

Patuloy na susubaybayan ng Pamahalaan ang mga sitwasyon at rerespasuhin ang mga hakbang at kaayusan sa itaas kung kailangan. Para sa mga katanungan tungkol sa mga aplikasyon para sa bisa ng FDH, mangyaring makipag-ugnayan

sa ImmD sa pamamagitan ng pagtawag sa numero ng mga katanungan na 2824 6111 o sa pamamagitan ng email sa enquiry@immd.gov.hk.

Mga kaugnay na pahayag

Ika-21 ng Setyembre 2022:

[www.fdh.labour.gov.hk/tagalog/news_detail.html?fromPage=news&year=2022
&n_id=251](http://www.fdh.labour.gov.hk/tagalog/news_detail.html?fromPage=news&year=2022&n_id=251)

Q11: Paano makakahingi ang mga FDH at mga amo ng tulong kung may higit pa silang mga katanungan tungkol sa mga usapin ng empleyo?

A11: Naglalaman ang Portal ng LD tungkol sa mga FDH (www.fdh.labour.gov.hk/tagalog/home.html) ng impormasyon at mga publikasyon tungkol sa mga Karapatan at benepisyo sa empleyo ng mga FDHs at mga amo at iba pang mga kaugnay na usapin. Makikita ang impormasyon sa Tsino, Ingles Tagalog, Bahasa Indonesia, Thai, Hindi, Sinhala, Bengali, Nepali, Urdu, wikang Myanmar and Khmer upang tulungan ang mga FDHs na makakuha ng kaugnay na impormasyon.

Maaaring tignan ng mga FDH at mga amo ang “COVID-19 Thematic Website” (www.coronavirus.gov.hk/eng/) para sa payong pangkalusugan tungkol sa pag-iwas sa pulmonya at impeksyon sa panghinga. Naglalaman ang website ng impormasyon sa Tsino, Ingles Tagalog, Bahasa Indonesia, Thai, Hindi, Sinhala, Bengali, Nepali at Urdu.

Kung may mga katanungan ang mga FDH at mga amo tungkol sa mga usapin ng empleyo, maaari silang humingi ng tulong sa LD sa pamamagitan ng email account na nakalaan para sa mga FDH (fdh-enquiry@labour.gov.hk) at online porm sa Portal ng mga FDH (www.fdh.labour.gov.hk/tagalog/contact_us.html).

**Kagawaran Ng Paggawa
Ika-26 ng Setyembre 2022**